Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BAHAY NA TISA, SAN GABRIEL, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 149-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAGKILALA (POSTHUMOUS AWARD) ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA, SA YUMAONG SI ARNIE DELA PEÑA REYES NG BARANGAY PAMARAWAN PARA SA KABAYANIHANG KANIYANG IPINAMALAS NANG ILIGTAS NIYA ANG DALAWANG INDIBIDWAL MULA SA PAGKAKALUNOD SA SAN NARCISO, ZAMBALES NOONG IKA-25 NG AGOSTO, 2019.

AKDA NI KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KAMAY-AKDA SINA KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY AT KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

SAPAGKAT, noong ika-25 ng Agosto, 2019 sa isang *"public beach"* sa San Narciso, Zambales ay may tatlong indibidwal ang nai-ulat na nalulunod dulot ng malalakas na alon mula sa dagat;

SAPAGKAT, sa nasabing insidente, isang kabataang Malolenyo ang nagbuwis ng kaniyang buhay sa katauhan ni ARNIE DELA PEÑA REYES, dalawampu't isang (21) taong gulang at mula sa Barangay Pamarawan, Lungsod ng Malolos nang kaniyang suungin ang malalakas na alon, upang mailigtas ang dalawa niyang kasamahan mula sa pagkakalunod;

SAPAGKAT, dahil sa katapangan na ipinamalas ni ARNIE DELA PEÑA REYES ay matagumpay na naisalba ang buhay ng dalawang indibidwal, bagama't naging sanhi ito ng kaniyang pagkalunod at pagpanaw;

SAPAGKAT, marapat lamang na bigyang pagkilala ang ginawang kabayanihan ni ARNIE DELA PEÑA REYES na nagbuwis ng buhay upang makatulong lamang sa kaniyang kapwa;

SAPAGKAT, napakasakit para sa isang magulang at mahal sa buhay ang mawalan ng isang anak na katulad ni ARNIE DELA PEÑA REYES na sa murang gulang ay naisip na magligtas ng buhay ng iba at hindi inalintana ang kapahamakan na maaaring idulot sa kaniyang sarili;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian at ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Noel G. Pineda, ay taos-pusong nakikidalamhati at nakikiramay sa mga naulilang pamilya at kaanak ni ARNIE DELA PEÑA REYES;

Kung kaya't sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Patrick S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na nagbibigay pagkilala (Posthumous Award) ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian at ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda, sa yumaong si ARNIE DELA PEÑA REYES ng Barangay Pamarawan para sa kabayanihang kaniyang ipinamalas nang iligtas niya ang dalawang indibidwal mula sa pagkakalunod sa San Narciso, Zambales noong ika-25 ng Agosto, 2019;

IPINASIYA PA RIN, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang pamilya ni ARNIE DELA PEÑA REYES para sa kanilang kaalaman.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*090919